



Name of School:			Ikaapat na Markahan
Grade Level & Section:	Grade 7	Week:	Week 7 Day 4
Subject:	FILIPINO	Date and Time:	
Topic:		Teacher:	

I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM		ANNOTATIONS
A. Pamanta yang Pangnilalaman	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng Obra Maestra – Ibong Adarna para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba’t ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens.	
B. Pamanta yang Pagganap	Nakabubuo ng iskrip para sa shadow play tungkol sa mahahalagang pangyayari sa Ibong Adarna na maiuugnay sa pagiging Pilipino na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan.	
C. Mga Kasanay ang Pampagkatuto	Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa 1.Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari 2.Natutukoy ang pangyayaring nagpapakita ng pagbababala (foreshadowing) 3.Natutukoy ang pangyayaring nagpapakita ng balik-tanaw (flashback) 4.Naipaliliwanag ang kahulugan ng mga pahiwatig 5.Naibibigay ang mensahe at kaisipan sa Ibong Adarna 6. Nakapaghahambing ng mga tekstong hawig sa IBong Adarna at iba pang koridong nasusulat sa Pilipinas at sa ibang bansa.	
II. NILALAMAN/PAKSA		

Obra: Ibong Adarna Saknong 1363-1717

III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO

A. Mga Sanggunian

Avanceña, F. R. (n.d.). FILIPINO_Q4_MODULE-7. Scribd. <https://www.scribd.com/document/514844777/FILIPINO-Q4-MODULE-7> Canoy, P., & Tacbas, D. (2020). FILIPINO SA PILING LARANG (SINING AT DISENYO) Kuwarter 4 – Modyul 2: Ang mga Sining Panteatro (1st ed.). Candelario, Marietta, et al., (2009). Ibong Adarna Obra Maestra Batayang Akdang Pampanitikan Ikatlong Edisyon, 15-70, Rex Bookstore. CCBJ Club. “Don Juan Tiñoso (Isang Sipi O Excerpt Mula Sa Korido).” www.youtube.com, 22 Nov. 2022, www.youtube.com/watch?v=3LJF82VVsl. Accessed 4 Mar. 2024. charo. “PPT - Ang Alamat Ni Bernardo Carpio PowerPoint Presentation, Free Download - ID:3255175.” SlideServe, 15 Aug. 2014, www.slideserve.com/charo/ang-alamat-ni-bernardo-carpio. Accessed 4 Mar. 2024. Clipartbest.com. “Bing.” Bing, 2015, www.bing.com/images/search?view=detailV2&ccid=7M3dedOM&id=5AC373E6B134D80427D68B3A7886AEE96535CC39&thid=OIP.7M3dedOM0U. Accessed 4 Mar. 2024. Concepcion, Ofelia E.(2009) Ibong Adarna, 6-24, Prime Multi-Quality Printing Corp. Cruz, Emerlinda. Ibong Adarna (Isang Korido). Quezon City, C & E Publishing, Inc, 2008. GMA Playground. “Bernardo Carpio Koridong Anyo - Search Videos.” www.bing.com, www.bing.com/videos/riverview/relatedvideo?&q=Bernardo+Carpio+koridong+anyo&&mid=5FF8BCC8520BF1E0D3B55FF8BCC852. Accessed 4 Mar. 2024. “Katangian Ng Korido – Ano Ang Katangian at Halimbawa Ng Korido?” PhilNews, 1 Oct. 2021, philnews.ph/2021/10/01/katangian-ng-korido-ano-ang-katangian-at-halimbawa-ng-korido/. Accessed 4 Mar. 2024. Ki. “Kahalagahan Ng Korido – Kahulugan at Halimbawa Nito.” Newspapers, 14 Dec. 2021, newspapers.ph/2021/12/kahalagahan-ng-korido-kahulugan-at-halimbawa-nito/. Accessed 4 Mar. 2024. Komisyon sa Wikang Filipino. “Diksiyonaryo.” Diksiyonaryo.ph, Diksiyonaryo.ph/. Accessed 2 Mar. 2024. Lee, R. (2017). TRIP TO QUIAPO (SCRIPT WRITING MANUAL). THE WRITERS STUDIO. Lopez-Royo, J., Lucas Lacano, Limosnero-Ipong, M., & Lalunio, Dr. L. (2011). Bagong Likha I. JO-ES Publishing House, Inc. Mckoi M. “Ang Korido.” Slideshare, 22 Mar. 2015, www.slideshare.net/cli4d/ang-korido. Villanueva, Pedro

	Reyes. Korido: Ang Buhay Na Pinagdaanan Ni Don Juan Tiñoso at Juan Labuyo. Google Books, Philippine Book Company, 1977, books.google.com.ph/books/about/Korido.html?id=ImY4AAAAMAAJ&redir_esc=y . Accessed 4 Mar. 2024.	
B. Iba pang Kagamitan		

IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO

Bago Ituro ang Aralin

Panimulang Gawain	Balik-Aral Ano ang Balik-Tanaw (Flashback)? Ang balik-tanaw ay isang teknik sa pagsasalaysay kung saan binabalikan ng tauhan o tagapagsalaysay ang isang nakaraang pangyayari upang ipaliwanag ang kasalukuyang sitwasyon. Sa Saknong 1363-1717 ng <i>Ibong Adarna</i>, makikita ang mga bahagi kung saan inalala ng mga tauhan ang kanilang mga karanasan, tulad ng paghihirap ng magkakapatid o ang pagtataksil ni Don Pedro kay Don Juan. Ano ang Pagbababala (Foreshadowing)? Ang pagbababala ay isang teknik kung saan may mga senyales o pahiwatig tungkol sa maaaring maganap sa hinaharap. Sa <i>Ibong Adarna</i>, may mga linya o pangyayari sa Saknong 1363-1717 na nagpapahiwatig ng kapalaran ng mga tauhan. ✓ Halimbawa sa Ibong Adarna: • Ang mga babala ng ermitanyo kay Don Juan bago niya hulihin ang Ibong Adarna, na nagpahiwatig ng mga darating niyang pagsubok. • Ang panaginip o hula ng Ibong Adarna na may masamang mangyayari kung hindi magiging matalino si Don Juan sa kanyang desisyon. Kahalagahan ng Flashback at Foreshadowing sa Ibong Adarna:	
--------------------------	---	--

	✓ Flashback – Tumutulong upang maunawaan ang pinagmulan ng problema o pag-uugali ng mga tauhan. ✓ Foreshadowing – Nagsisilbing babala o pahiwatig upang mapanatili ang interes ng mambabasa at maipakita ang koneksyon ng mga pangyayari.	
Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin	Layunin ng Aralin: 1. Matukoy at maipaliwanag ang mensahe at kaisipan na nais iparating ng <i>Ibong Adarna</i> sa mga mambabasa. 2. Maunawaan ang mahahalagang aral na matututuhan mula sa akda, tulad ng pagpapahalaga sa kabutihan, katapatan, at pagiging matiyaga sa harap ng pagsubok. 3. Makapaghambing ng mga tekstong hawig sa <i>Ibong Adarna</i> sa iba pang korido sa Pilipinas at sa ibang bansa. 4. Matukoy ang pagkakatulad at pagkakaiba ng <i>Ibong Adarna</i> sa iba pang akdang pampanitikan batay sa tema, tauhan, at banghay. 5. Mahikayat ang mga mag-aaral na masusing pag-aralan ang kayamanan ng panitikang Pilipino at ihambing ito sa panitikan ng ibang kultura.	
Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto	Bokabularyo Korido – Isang uri ng tulang pasalaysay na may sukat na wawaluhing pantig bawat taludtod, karaniwang may tema ng kabayanihan at mahika. (<i>Halimbawa: Ibong Adarna</i>) Awit – Isang tulang pasalaysay na katulad ng korido ngunit may labindalawahing pantig sa bawat taludtod. (<i>Halimbawa: Florante at Laura</i>) Mensahe – Ang aral o diwa na nais iparating ng isang akda sa mambabasa.	

	Kaisipan – Ang mga mahahalagang ideya na matututuhan sa isang akda. Paghahambing – Ang pagtutukoy ng pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawa o higit pang akda batay sa kanilang elemento. Tauhan – Ang mga karakter sa isang akda, tulad nina Don Juan, Don Pedro, Don Diego, at Haring Fernando sa <i>Ibong Adarna</i>. Tema – Ang pangunahing paksa o diwa ng isang akda, tulad ng pagtitiis, pagtataksil, at tagumpay ng kabutihan laban sa kasamaan sa <i>Ibong Adarna</i>. Banghay – Ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa isang akda. Panitikang Bayan – Ang mga sinaunang kwento, tula, at epiko na naglalarawan ng kultura at tradisyon ng isang bansa. Mitolohiya – Mga kwento na naglalaman ng mga diyos, diyosa, at mahiwagang pangyayari, madalas na may kaugnayan sa pinagmulan ng mundo o isang bayan. Arketipo – Karaniwang modelo ng tauhan o pangyayari sa panitikan, tulad ng bayani, kontrabida, o mahika sa mga korido at alamat. Mahiwagang Realismo – Ang pagsasama ng pantasya o mahika sa makatotohanang mundo, tulad ng <i>Ibong Adarna</i> na may kakayahang bumuhay o makapinsala sa tao gamit ang kanyang awit. Pananagutan – Isa sa mga aral ng <i>Ibong Adarna</i> na nagtuturo ng kahalagahan ng paninindigan sa mga desisyon at aksyon. Katapatan – Isa sa mahahalagang mensahe ng <i>Ibong Adarna</i>, kung saan ipinakita ni Don Juan ang kanyang katapatan sa kanyang ama at mga utos ng ermitanyo. Pagsubok – Ang mga hamon na kinakaharap ng mga tauhan sa akda na siyang nagpapalakas ng kanilang loob at pagpapahalaga sa buhay.	
--	---	--

Habang Itinuturo ang Aralin

Pagproseso sa Mahahalagang Pag-unawa/Susi ng Ideya

I. Mensahe at Kaisipan sa *Ibong Adarna*

Ang *Ibong Adarna* ay isang makulay at makapangyarihang kwento na puno ng mahahalagang aral sa buhay. Sa bawat yugto ng kwento, inilalahad nito ang mahahalagang mensahe at kaisipan na may kaugnayan sa moralidad, kabutihan, at katotohanan.

✚ Mga Pangunahing Mensahe ng *Ibong Adarna*

1. **Ang kabutihan ay nagwawagi laban sa kasamaan.**
 - o Sa kwento, si Don Juan, na siyang mabuti at matapat, ay nakamit ang tagumpay sa kabila ng pagtataksil ng kanyang mga kapatid.
 - o
2. **Ang pagpapatawad ay isang mahalagang birtud.**
 - o Kahit ilang beses siyang pinagtaksilan nina Don Pedro at Don Diego, pinili pa rin ni Don Juan na magpatawad sa kanila.
 - o
3. **Ang pagsunod sa payo ng nakatatanda ay nagdadala ng tagumpay.**
 - o Sinunod ni Don Juan ang payo ng ermitanyo, kaya't matagumpay niyang nahuli ang *Ibong Adarna* at nalampasan ang kanyang mga pagsubok.
 - o
4. **Ang kayamanan at kapangyarihan ay hindi batayan ng tunay na kaligayahan.**
 - o Bagaman nais ng mga kapatid ni Don Juan na maging hari, hindi sila naging tunay na masaya dahil sa kanilang kasakiman.

Kaisipan sa *Ibong Adarna*

- **Pagtitiis at Pagtitiyaga** – Naging matiyaga si Don Juan sa kabila ng hirap at sakit na kanyang dinanas.
- **Pagpapahalaga sa Pamilya** – Sa kabila ng pagtataksil, ang pamilya ay nananatiling mahalaga sa buhay ng isang tao.
- **Hustisya at Karma** – Ang mga gumagawa ng masama ay nagbabayad sa kanilang ginawa, tulad ng nangyari sa mga kapatid ni Don Juan.

Paghahambing ng *Ibong Adarna* sa Ibang Korido

Ang *Ibong Adarna* ay isang **korido**, isang uri ng tulang pasalaysay na may sukat na **wawaluhing pantig** bawat linya at may mabilis na daloy ng pangyayari. Mayroon ding ibang mga korido na maaaring maihambing dito.

Mga Akdang May Pagkakahawig sa *Ibong Adarna*

Akda	Pagkakatulad sa <i>Ibong Adarna</i>	Pagkakaiba
Florante at Laura (ni Francisco Balagtas)	Parehong may temang kabutihan laban sa kasamaan; may pagsubok na kinaharap ang pangunahing tauhan	Ang <i>Florante at Laura</i> ay isang awit (12 pantig bawat linya) at may mas malalim na tema tungkol sa politika at pagmamahal.
Rodrigo de Villa	May pagsubok na pinagdaanan ang bayani, tulad ng laban sa masasamang tauhan	Mas nakatuon ito sa pakikipaglaban ng isang mandirigma kaysa sa mahika.
Bernardo Carpio	May elementong mahiwaga (halimbawa, isang makapangyarihang nilalang)	Higit na nakasentro sa alamat ng isang bayaning may pambihirang lakas.
El Cid (Spain)	May kabayanihang ipinakita ng pangunahing tauhan, tulad ni Don Juan	Nakatuon ito sa tunay na kasaysayan at hindi sa mahiwagang elemento.
The Knight's Tale (England)	May temang paglalakbay at pagsubok	Mas nakatuon ito sa pakikidigma at karangalan ng mga kabalyero.

✿ Pagkakatulad ng *Ibong Adarna* sa Ibang Korido:

- ✓ May pagsubok na kailangang lampasan ng pangunahing tauhan.
- ✓ May temang kabutihan laban sa kasamaan.
- ✓ May mahalagang aral tungkol sa buhay.

✿ Pagkakaiba ng *Ibong Adarna* sa Ibang Korido:

- ♦ May kakaibang elemento ng **mahikang ibon** na may kapangyarihang bumuhay o makapinsala.
- ♦ Mas tumatalakay ito sa **moralidad** at **pamilya**, hindi lamang sa digmaan o pag-ibig.
- ♦ Ito ay isa sa mga **pinakasikat na korido sa Pilipinas** na naging bahagi ng ating panitikang bayan.

<i>Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susi ng Ideya/Paglinang at Pagpapalalim</i>	Gawain 5. INTEGRASYON Tala: Inklusibong Edukasyon (Inclusive Education) – ang lahat ay may karapatang mag-aral. Karapatang makatapos at magkaroon ng kinabukasan. Ang Education for all (EFA 2021) ay layunin ng Kagawaran ng Edukasyon sa Pilipinas. Nobody will be left behind ika nga walang maiiwan. Kahit ano pa ang iyong antas sa lipunan; mahirap o maykaya, bata o matanda, may sakit o may kapansanan, kabilang sa indeginous na lipi, ang prayoridad ng pamahalaan ay ang karapatan ng tao na makapag-aral at makapagtapos. At sa kanyang kinabukasan ay makapagtrabaho sila nang marangal. At kung saang dako ng Pilipinas sila mapadpad o sa ibang bansa, kaya nilang makipagsabayan sa galaw ng buhay. At makakaya nilang magtagumpay sa hamon ng buhay. Si Don Juan ay halimbawa ng isang taong naglakbay upang makipagsapalaran sa ibang bayan upang humanap ng magandang kapalaran. Ilarawan ang naging pakikipagsapalaran ni Prinsipe Juan sa kabuuan ng Ibong Adarna. Itala sa talahanayan ang mga pagsubok na pinagdaanan at pagtatagumpay na nakamit ni Don Juan. <table><tr><th colspan="2">BUNDOK NG TABOR</th></tr><tr><th>Kinaharap na Pagsubok</th><th>Paano nakamit na tagumpay?</th></tr><tr><td></td><td></td></tr></table> <table><tr><th colspan="2">KABUNDUKAN NG ARMENYA</th></tr><tr><th>Kinaharap na Pagsubok</th><th>Paano nakamit ang tagumpay?</th></tr><tr><td></td><td></td></tr></table> <table><tr><th colspan="2">REYNO DELOS CRISTAL</th></tr><tr><th>Kinaharap na Pagsubok</th><th>Paano nakamit ang tagumpay?</th></tr><tr><td></td><td></td></tr></table> Gawain 6. BAGONG BAYANI Kaugnay ng unang gawain, ano naman ang kinakaharap na mga pagsubok ng ating mga kababayanang OFW na nakikipamayan sa ibang bansa upang makapaghanapbuhay? Itala ito sa talahanayan.	BUNDOK NG TABOR		Kinaharap na Pagsubok	Paano nakamit na tagumpay?			KABUNDUKAN NG ARMENYA		Kinaharap na Pagsubok	Paano nakamit ang tagumpay?			REYNO DELOS CRISTAL		Kinaharap na Pagsubok	Paano nakamit ang tagumpay?			Matapos mapagsunod-sunod ang mga pangyayari, dumako tayo sa pagbababala (foreshadowing) at pagbabaliktanaw (flashback). Mula sa mga pangyayari sa tagpong ito ng Ibong Adarna (Saknong 1363-1717), tukuyin ang nagpapakita ng (foreshadowing) at pagbabaliktanaw (flashback). Mungkahing pamantayan sa pagmamarka sa Tableau: <table><tr><td>Larawan (pose)</td><td>5 pts</td></tr><tr><td>Emosyon (mukha)</td><td>5 pts</td></tr><tr><td>Paliwanag</td><td>5 pts</td></tr><tr><td>Kabuuan:</td><td>15 pts</td></tr></table> Maaaring magbanggit pa ng ibang mga pangyayari ang mga mag-aaral. Sagot: 1. pagbababala 2. pagbabalik-tanaw 3. pagbababala 4. pagbabalik-tanaw 5. pagbabalik-tanaw Sa Gawain 3. IPALIWANAG MOI, maaaring magbibigay ang mag-aaral ng hanggang tatlong kahulugan batay sa pagkakaunawa nila sa	Larawan (pose)	5 pts	Emosyon (mukha)	5 pts	Paliwanag	5 pts	Kabuuan:	15 pts
BUNDOK NG TABOR																												
Kinaharap na Pagsubok	Paano nakamit na tagumpay?																											
KABUNDUKAN NG ARMENYA																												
Kinaharap na Pagsubok	Paano nakamit ang tagumpay?																											
REYNO DELOS CRISTAL																												
Kinaharap na Pagsubok	Paano nakamit ang tagumpay?																											
Larawan (pose)	5 pts																											
Emosyon (mukha)	5 pts																											
Paliwanag	5 pts																											
Kabuuan:	15 pts																											

	Ano-anong kinakaharap na mga pagsubok ng mga kababayan nating OFW?	Paano masasabing sila ay nagtatagumpay?	nakasalungguhit na taludtod. Maaaring magbigay pa ang guro ng iba pang mga saknong na kinapapalooban ng pahiwatig. Maaari itong idagdag sa bibigyan ng pagpapakahulugan ng mga mag-aaral. Ang guro ay magpapakita ng hagdanan at ipapasulat sa bawat hakbang ang mga pagsubok na hahakbangin bago makapagtapos sa pag-aaral Sa itaas ilahad sa may Pinto ang nais mangyari sa sarili at sa pamilya

Pagkatapos Ituro ang Aralin

Paglalatap at Paglalahat

5,4,3,2,1 Salita – Bumuo ng kaisipan at mensahe na natutuhan mula sa Ibong Adarna. Limitahan ang sagot sa takdang bilang ng mga salita.

- 5 – Magulang ay igalang at sundin.
- 4 – Maging tapat sa mamahalin.
- 3 – Kapatid mo'y ibigin.
- 2 – Maging matulungin.
- 1- Manalangin.

Personal na Pagtataya sa Klase

Bilang pagninilay sa naging klase sa Filipino, lagyan ng tsek ang talahanayan ng pagtataya sa kanilang naging pag-aaral sa loob ng silid-aralan.

Tanong	Minsan	Madalas	Palagi
1. Nakiisa ba ako sa mga gawain sa loob ng klase lalo na sa mga pangkatang gawain?			
2. Napanatili ko ba ang mapayapang pakikitungo sa aking mga kamag-aral?			
3. Ibinigay ko ba nang buong husay ang aking kakayahan upang magampanan ang mga gawain sa klase?			
4. Naging matapat ba ako sa mga pagsasanay at pagsusulit sa klase?			
5. Sinunod ko ba ang aking guro at ang mga panutong ibinigay niva sa klase?			

<i>Pagtataya ng Natutuhan</i>	Panuto: Piliin ang tamang sagot sa bawat tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot. 1. Ano ang pangunahing mensahe ng <i>Ibong Adarna</i>? A. Ang kasakiman ay daan tungo sa tagumpay. B. Ang kabutihan ay laging nagtatagumpay laban sa kasamaan. C. Ang kayamanan ay pinakamahalagang bagay sa buhay. D. Ang pamilya ay hindi dapat pahalagahan. 2. Ano ang isang mahalagang kaisipan na makikita sa <i>Ibong Adarna</i>? A. Ang paghihiganti ay ang tanging paraan upang makamit ang hustisya. B. Ang pagsunod sa utos ng hari ay walang kabuluhan. C. Ang pagsubok sa buhay ay dapat harapin nang may tiyaga at tapang. D. Ang tunay na bayani ay hindi kailanman nahihirapan. 3. Alin sa mga sumusunod ang pangunahing pagkakaiba ng <i>Ibong Adarna</i> sa ibang korido? A. Ito ay may elementong mahiwagang ibon na may kapangyarihang magpagaling at magpahirap. B. Ito ay may temang digmaan at pulitika. C. Ang pangunahing tauhan ay isang makapangyarihang hari. D. Wala itong anumang aral sa buhay. 4. Aling akdang pampanitikan ang maihahalintulad sa <i>Ibong Adarna</i> dahil sa pagkakaroon ng pagsubok ng isang bayani? A. Florante at Laura B. Noli Me Tangere C. Dekada '70 D. Alamat ng Malakas at Maganda 5. Ano ang pangunahing pagkakatulad ng <i>Ibong Adarna</i> sa <i>Rodrigo de Villa</i> at <i>Bernardo Carpio</i>? A. Lahat ng ito ay nagtatampok ng isang mahiwagang ibon.	SAGOT 1.B 2.C 3.A 4.A 5.B

	B. Lahat ay may pangunahing tauhang dumaranas ng pagsubok at pakikipagsapalaran. C. Ang lahat ng pangunahing tauhan ay nagmula sa ordinaryong pamilya. D. Ang mga ito ay nakasulat bilang maikling kwento.	
<i>Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)</i>		
<i>Mga Tala</i>		
<i>Repleksiyon</i>		

Presented and demonstrated by:

(Teacher's Name)

Position

CHECKED AND OBSERVED:

Principal's Name

Position